Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

30 Marso 2025 | Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma | Taon K

Panawagan at Landas ng Wagas na Pagbabago

Ang pagbabago buhat sa buhay ng pagkakasala ay isang mahabang pagbabalik-lakbay sa tahanang iniwan natin, sanhi ng mapanlinlang na paghahangad ng lubos na pagsasarili. Malimit na tayo muna'y nakadarama ng matinding kapaitan bago natin mapagwawari ang ating naging kawalan at pagnanais na makaligtas sa pagka-aliping kusa nating inako.

Ngunit ang kaalamang lalo tayong sumapit sa isang malungkot na sitwasyon ay posibleng humantong lamang sa kawalan ng pag-asa. Kung sa ating sarili'y 'di tayo nakatitiyak na ang Diyos ay isang mapagmahal at mapagpatawad na Amang handa pa ring tumanggap na muli sa atin. Ipinagugunita sa atin ngayon ni Hesus na ito ay tiyak na magaganap kung wala tayong pagkapit sa tunay na mahabaging Diyos na 'di lamang nakahandang tumanggap muli sa atin, kundi patakbo pang sumasalubong sa pagbabalik natin. Hinango niya tayo sa lusak. Ginawaran ng biyaya ng pagbabago, at patuloy na tinatawagang patuloy tumahak sa tunay at lubos na pagpapanibago. Ganito ang Kanyang ginagawa sa bawat Eukaristiya, ang dakilang piging na inihanda Niya upang ipagdiwang ang ating muling pagbabalik.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lunsod ng kapayapaan, magalak tayo't magdiwang. Noo'y mga nalulumbay, ngayo'y may kasaganaan sa tuwa at kasiyahan.

(Isa 66:10-11)

Pagbati

P – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B* – Amen!**
P –Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipag-kaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat!
***B* –At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P –Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging marapat tayong gumanap sa mga banal na misteryo.*(Manahimik saglit.)*

***B* –Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala** *(Ang lahat ay dadagok sa dibdib.)* **sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.**

P –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* –Amen!**

P –Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

P –Kristo, kaawaan mo kami!
***B* –Kristo, kaawaan mo kami!**

P –Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* –Amen!**

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapangyarihan, ikaw ay nakikipagkasundo

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

sa sangkatauhan sa pamamagitan ng iyong Salita. Sa masigasig na pagsamba at matibay na pagsampalataya, ang sambayanang Kristiyano ay makadulog nawang masaya sa pagdiriwang ng dakilang kapistahan ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Jos 5:9.10-12***

Ang unang pagdiriwang ng Paskuwa sa Lupang Ipinangako ay isang dakilang pangyayari sapagkat pinatutunayan nito ang pagtupad ng Panginoon sa Kanyang pangako kay Moises na dadalhin Niya ang mga Israelita sa isang lupaing sagana. Panahon na para sila ay mamuhay bilang "Mga Tao ng Pangako" sa pamamagitan ng pagtalima sa kanilang Kasunduan.

***L* –**Pagbasa mula sa Aklat ni Josue

Noong mga araw na iyon: Sinabi ng Panginoon kay Josue: "Inalis ko ngayon ang kahihiyan ng pagkaalipin ninyo sa Egipto."

Samantalang nasa Gilgal sa kapatagan ng Jerico ang mga Israelita, ipinagdiwang nila ang Paskuwa noong hapon ng ikalabing-apat ng unang buwan. Kinaumagahan, araw pa rin ng Paskuwa, kumain sila ng mga pagkaing inani nila sa lupaing yaon: sinangag na trigo at tinapay na walang lebadura.

Pagkakain nila ng pagkaing inani sa lupaing iyon, tumigil na ang pag-ulan ng manna. Kaya't mula nang taong iyon, pagkaing inaani sa Canaan ang kanilang ikinabuhay.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 34***

B* –*Magsumikap tayong kamtin ang Panginoong butihin!

R. M. Velez





*** Panginoo'y aking laging pupurihin; sa pasasalamat di ako titigil. Aking pupurihin kanyang mga gawa, kayong naaapi, makinig, matuwa! *B.***

*** Ang pagkadakila niya ay ihayag at ang ngalan niya'y purihin ng lahat! Ang aking dalangi'y dininig ng Diyos, nawala sa akin ang lahat kong takot. *B.***

*** Nagalak ang aping umasa sa kanya, pagkat di nabigo ang pag-asa nila. Tumatawag sa Diyos ang walang pag-asa, sila'y iniligtas sa hirap at dusa. *B.***

Ikalawang Pagbasa
2 Cor 5:17-21

Sa siping mapapakinggan natin, binibigyang-diin ni San Pablo ang mga pagkukusa ng Diyos sa misyon ng pagpapabalik-loob; ang papel na ginampanan ni Kristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan; at ang tulong ng mga apostol sa ikapagbabalik-loob ng lahat.

***L* –**Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Corinto

Mga kapatid: Ang sinumang nakipag-isa kay Kristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya'y bago na.

Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng ito. Sa pamamagitan ni Kristo, ibinilang niya akong kaibigan – di na kaaway – at hinirang niya ako upang panumbalikin sa kanya ang mga tao. Ang ibig kong sabihin, ang tao'y ibinibilang ng Diyos na kanyang kaibigan sa pamamagitan ni Kristo, at nililimot na niya ang kanilang mga kasalanan. At ipinagkatiwala niya sa akin ang balitang ito.

Kaya't ako'y sugo ni Kristo; parang ang Diyos na rin ang namamanhik sa inyo sa pamamagitan ko: makipagkasundo kayo sa Diyos!

Hindi nagkasala si Kristo, ngunit dahil sa atin, siya'y ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayo sa kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan niya.

Ang Salita ng Diyos!
***B* – Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad sa Mabuting Balita ***Lu 15:18***

B* –*(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)
Babalik ako sa ama, at aamuin ko siya, sasabihin ko sa kanya: "Ako po ay nagkasala sa D'yos at sa 'yong pagsinta."
(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita
Lu 15:1-3.11-32

Ang pangaral ni Hesus tungkol sa mahabaging pagmamahal ng Diyos ay malinaw na isinasadula sa talinghaga ng "Ang Amang Mapagpatawad" – isang talinghagang tulad ng kuwento ng sarili nating buhay.

***P* –** Sumainyo ang Panginoon!
***B* –At sumaiyo rin!**
***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon: Ang mga publikano at ang mga makasalanan ay nagsisilapit upang makinig kay Hesus.

Nagbulung-bulungan ang mga Pariseo at ang mga eskriba. Ang sabi nila: "Ang taong ito'y nakikisalamuha sa mga makasalanan at nakikisalo sa kanila." Kaya't sinabi sa kanila ni Hesus ang talinghagang ito:

"Isang tao ang may dalawang anak na lalaki. Ang wika ng bunso, 'Ama, ibigay na po ninyo sa akin ang mamanahin ko.' At binahagi sa kanila ng ama ang kanyang ari-arian. Pagkalipas ng ilang araw, ipinagbili ng bunso ang kanyang ari-arian at nagtungo sa malayong lupain, taglay ang buo niyang kayamanan, at doo'y nilustay na lahat sa di wastong pamumuhay. Nang malustay na niya ang kanyang kayamanan, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing yaon, at nagdalita siya. Kaya't namasukan siya sa isang mamamayan ng lupaing yaon. Siya'y pinapunta nito sa bukid upang mag-alaga ng baboy.

Ibig sana niyang punan ang kanyang pagkain kahit ng mga bungang-kahoy na ipinakakain sa mga baboy ngunit walang magbigay sa kanya.

Nang mapag-isip-isip niya ang kanyang ginawa, nasabi niya sa sarili, 'Ang mga alila ng aking ama ay may sapat na pagkain – at lumalabis pa – samantalang ako'y namamatay ng gutom dito! Babalik ako sa kanya, at sasabihin ko, "Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawagin ninyong anak; ibilang na lamang ninyo akong isa sa inyong mga alila." ' At tumindig siya at pumaroon sa kanyang ama.

Malayo pa'y natanawan na siya ng ama at ito'y labis na nahabag sa kanya, kaya't patakbo siyang sinalubong, niyakap, at hinagkan. Sinabi ng anak, 'Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na tawagin ninyong anak.' Ngunit tinawag ng ama ang kanyang mga alila, 'Madali! Dalhin ninyo rito ang pinakamahusay na damit at isuot sa kanya. Suutan siya ng singsing at panyapak. Kunin ang pinatabang guya at patayin; kumain tayo at magsaya! Sapagkat namatay na ang anak kong ito; ngunit muling nabuhay; nawala, ngunit nasumpungan.' At sila'y nagsaya.

Nasa bukid noon ang anak na panganay. Umuwi siya, at nang malapit na sa bahay ay narinig niya ang tugtugan at sayawan. Tinawag niya ang isa sa mga alila at tinanong: 'Bakit? May ano sa atin?' 'Dumating po ang inyong kapatid!' tugon ng alila. 'Ipinapatay ng inyong ama ang pinatabang guya, sapagkat nagbalik siyang buhay at walang sakit.' Nagalit ang panganay at ayaw itong pumasok sa bahay. Kaya't lumabas ang kanyang ama at inamu-amo siya. Ngunit sinabi nito, 'Pinaglingkuran ko po kayo sa loob ng maraming taon, at kailanma'y hindi ko kayo sinuway. Ngunit ni minsa'y hindi ninyo ako binigyan ng kahit isang bisirong kambing para magkatuwaan kami ng aking mga kaibigan. Subalit nang dumating ang anak ninyong lumustay ng inyong kabuhayan sa masasamang babae, ipinagpatay pa ninyo ng pinatabang guya!'

Sumagot ang ama, 'Anak, lagi kitang kapiling. Ang lahat ng ari-arian ko'y sa iyo. Ngunit dapat tayong magsaya at magalak, sapagkat namatay na ang kapatid mo, ngunit muling nabuhay; nawala, ngunit nasumpungan.' "

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B*–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B*–**Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P*–**Ipinaaalaala sa atin ng sipi ng Ebanghelyo ngayon ang ating pagiging makasalanan at ang pagpapatawad ng Diyos. Buong pagtitiwala sa Banal na Awa, idulog natin ang ating mga kahilingan para sa lahat ng mga makasalanan habang nananalangin tayong:

***B*–Mahabaging Panginoon, dinggin ang aming panalangin!**

* Para sa Simbahang Katolika: Nawa siya'y laging maging kasangkapan para sa pagbabalikloob ng mga tao sa sanlibutan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga pinuno nating espirituwal at pulitikal: Nawa magkaroon sila ng kababaangloob para aminin ang kanilang pagkukulang at ng lakas ng loob para pagbayaran ito sa pamamagitan ng kanilang kapasiyahang itaguyod ang kagalingang panlahat. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng magulang at tagapagturo: Nawa pukawin nila ang kanilang mga anak at tinuturuan sa pamamagitan ng mabuti nilang halimbawa at ipakita sa kanila ang mapagpatawad na pagmamahal ng Diyos Ama. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating kabataan: Matuto nawa sila sa alibughang anak sa talinghaga at huwag nilang lustayin ang mga kaloob sa kanilang kalikasan at biyaya; at sakaling sila'y magkasala, nawa'y huwag silang mag-alinlangan sa dakilang pagmamahal sa kanila ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat: Matuto nawa tayo sa amang nasa talinghaga upang maingatan nating maging bukas tuwina ang ating mga puso sa pagtanggap at pagtitiwala sa mga dating bilanggo at ibang nagkasalang nagsisikap nang magpanibagong buhay. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng pamilyang hindi nagkakasundo: Nawa'y makatagpo sila ng lunas sa kanilang mga sugat sa pamamagitan ng kapatawaran, pagtuklas sa yamang panloob na taglay ng bawa't isa, sa kabila ng kanilang nagkakaibang pananaw, manalangin tayo! ***B.***

***P*–**Panginoong Diyos, narito kami ngayon sa harap Mo na waring mga alibughang anak na nagkasala sa Iyo nang maraming ulit at sa maraming paraan. Tanggapin Mo kaming muli nang buong pagmamahal at tulutan Mo kaming maging mapagpatawad sa lahat ng nagkasala sa amin. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

***B*–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, para sa paghahaing nagbibigay-kagalingan kami ngayon ay masayang nagsisipag-alay kalakip ang dalanging amin nawang maidangal ang pagdiriwang na ito ng banal na pakikinabang at maidulot nawa ito para sa kaligtasan ng tanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

Prepasyo sa Kuwaresma I

P –Sumainyo ang Panginoon!
B **–At sumaiyo rin!**
P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
B **–Itinaas na namin sa Panginoon!**
P –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
B **–Marapat na siya ay pasalamatan!**
P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Binibigyan mo kami ng bagong pagkakataon upang ganapin ang paghahanda ngayon para sa pagdiriwang ng muling pagkabuhay. Kaisa ng iyong Anak na minamahal, aming inilalaan ang panahon, talino't yaman para ganapin ang iyong kalooban na ang kapwa tao ay lubos na damayan. Sa pagdiriwang namin sa aming pagsilang bilang mga kaanib ng iyong sambayanan, kami'y iyong pinagkakamit ng katayuang ganap sa pagtatangkilik.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*– Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **–Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

B **–Ama namin . . .**
P **–** Hinihiling namin . . .
B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P **–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lunsod ng kapayapaan may pag-kakaisang tunay, ahunan ng tanang angkan upang sambahin ang ngalan ng Panginoong Maykapal.

(Sal 122:3-4)

Panalangin Pagkapakinabang

P **–** Ama naming mapagmahal, tinatanglawan mo ang lahat ng tao na isinisilang sa daigdig na ito. Sa kaloob mong liwanag, tanglawan mo ang aming kalooban upang ang dapat naming isaloob na iyong ikinalulugod ay lagi naming isaisip at ikaw ay aming wagas na maibig sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

PAGWAWAKAS

P –Sumainyo ang Panginoon.
B **–At sumaiyo rin!**
P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*

–Itangi nawa ninyo ang kahalagahan ng mga kaloob ng Diyos at huwag itong sayangin sa buhay ng pagkakasala.
B **–Amen!**

P –Ikatuwa nawa ninyo ang habag ng Diyos sa mga makasalanan at tularan ninyo ito sa pagpapatawad sa mga nagkasala sa inyo.
B **–Amen!**

P –Gabayan nawa kayo tuwina ng Diyos sa pagtunton ninyo sa landas ng pagkakawanggawa at kapayapaan.
B **–Amen!**

P –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
B **–Amen!**

P –Taglayin ninyo sa inyong pagalis ang kapayapaan ni Kristo.
B **–Salamat sa Diyos!**

Tune in to Radio Veritas (846 kHz) every Saturday from 5:00 to 6:00 p.m. and listen to BISPERAS SA VERITAS the interactive radio program that helps you discover – the messages of each Sunday Theme and Biblical readings, and – how they can empower your life, your family, and your community.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

Hango, Pagbabago, at Pagpapanibago

Kalakbay at Katoto

Paghango at pag-angat ang diwang sumasagi sa isipan natin sa unang dalawang pagbasa. Ayon kay Josue, "hinango" ng Diyos ang Israel sa "kahihiyan ng pagkaalipin sa Egipto." Bukod dito, hinango rin sila ng Diyos sa ganap na pagkagutom sa disyerto nang pinagkalooban sila ng manna, na di naglaon ay napalitan ng tunay na tinapay na mula sa ani nilang trigo sa Canaan.

Hindi lang sila hinango sa pagkaalipin. Asenso rin ang dulot sa kanila ng Diyos. Matapos magsawa sa manna, tumanggap sila ng tunay na pagkain, tunay na bunga ng mga halamang tanim – "sinangag na trigo at tinapay na walang lebadura."

Pagbabago naman ang bunga ng pagkahango ng mga tagasunod ni Kristo sa dating pamumuhay. "Ang sinumang nakipag-isa kay Kristo ay isa nang bagong nilalang." Ang "dati" ay naglaho na. Dating "kaaway," sila ngayon ay itinuring na "kaibigan." Dating malayo at siniphayo, sila ngayon ay tinatawagan upang "panumbalikin" sa Diyos.

Ang pagkahango ay malinaw ang tinutumbok … malinaw ang kahihinatnan – pagbabagong anyo, tulad ng narinig natin noong isang Linggo – ang pagbabagong anyo ni Kristo na siya rin nating tadhana.

Mayroong sandali kung kailan kumbaga, ay nauuntog nang matindi ang bata … natatauhan … nayayanig … at kagya't nakakaunawang oras na upang magbago. Nahango siya, ika nga, mula sa lusak. Nguni't dapat ito ay masundan ng higit pa – ang pagbabago.

Mayroong pagkakataon na dapat "mauntog" kumbaga ang bata. Pag nauntog ay natatauhan, at sa sandaling matauhan, ay tuloy-tuloy na, hindi lamang ang pagbabago, kundi ganap na pagpapanibago.

Tila isa ito sa nilalaman ng magandang balita sa araw na ito. Bukod sa pagkahango natin sa kasalanan, tayo ay tumanggap ng balita at katotohanan ng ating pagbabagong-anyo kay Kristo.

Nguni't ang pagbabagong-anyong ito ay bagay na Diyos ang may gawa. Hindi natin kayang gawin ito sa ganang sarili nating kakayahan. Diyos ang may akda na bagong buhay natin kay Kristong tagapagligtas.

Ngunit "nasa Diyos ang awa, pero nasa tao ang gawa." Kaligtasan ang dulot ng Diyos, pero hindi magaganap ito kung walang pakikipagtulungan ang tao.

Dito ngayon papasok ang talinghaga sa ebanghelyo ni Lucas tungkol sa alibughang anak. Dala ng kapusukan, nagsikap magsarili ang bunsong anak … humiwalay sa ama, at kinubra ang kanyang mana. Nagbuhay-mayaman at at nag-asal makasarili … nagpakasasa at nilustay ang hininging mana … hanggang sa siya ay mauntog at mapagtantong siya ay nagkamali. **Natauhan … nagkamalay … at sa kanyang pagkamulat, ay nakita niyang kailangan niya ng pagkahango. Kailangan niyang hanguin sa kahangalang kinabuliran niya, sa kasawiang-palad na siya mismo ang may kagagawan.**

Lumutang sa kwentong ito ang tunay na kalikasan ng Diyos – ang kanyang dakilang habag at kahandaang magpatawad, na ipinamalas ng ama na araw-araw na nakapamintana sa pagaabang sa pagbalik ng kanyang alibughang anak.

Natupad nang ganap ang hula sa unang pagbasa. Napatunayang lubos ang sinasaad ni San Pablo sa kanyang liham sa mga taga Corinto. **Hinango tayo sa lusak … tinatawagan tayo sa pagbabago. At pinagkakalooban tayo ng higit pa – ang unti-unti, nguni't ganap na pagpapanibago.**

Ito ang naganap sa alibughang anak. Hinango. Nagbago. At higit sa lahat, gumawa ng hakbang, at ginawan ng paraan ng mapagmahal na ama, upang lubos na magpanibago.

Ito ang katotohanang naghihintay para sa atin lahat … ngayong kwaresma, bukas at makalawa, hanggang marating ang langit na tunay nating bayan.